Noong ika-17 ng Abril,may isinagawang pagpupulong dito sa Yaizu city ukol sa COVID-19.

May inilabas na mensahe ang punong-bayan para sa mga mamamayan ng Yaizu city.

Ang mga mababasa sa ibaba ay ang mga pangunahing nilalaman nito.

Ipinalawak sa buong bansa ng Japan ang deklarasyon ng “COVID-19 State of Emergency hanggang sa Ika-6 ng Mayo.

May maraming pondo ng produkto tulad ng pagkain at kagamitan sa pang-araw araw na pamumuhay. Huwag magmadali at mamili ng marami,manatiling kalmado at kumilos.

At tulad ng ipinapagawa dati pakatandaan ang mga tatlong bagay na makikita sa ibaba.

【1】Ugaliin ang puspusang paglinis ng kamay at gawin ang respiratory hygiene(pagtakip ng ilong at bibig kung uubo o babahing gamit ang tissue at loob ng siko).

【2】Iwasan ang mga lugar na magtatatagpo ang mga tatlong sumusunod

①Sarado at masama ang bentilasyon ng hangin

②Matatao na lugar

③Malapitan na pag-uusap o paglabas ng boses

【3】Huwag pumunta sa mga lugar kung saan tumataas ang bilang ng mga nahahawaang tao.

Gayundin, dahil maraming bakasyon o holiday tulad ng Golden Week sa Abril at Mayo, maraming tao ang babyahe. Ang paggawa nito ay nagdaragdag ng iyong pagkakataon na mahawa sa virus.

Iwasan ang sumusunod na tatlong bagay sa ibaba.

【1】Huwag lumabas hanggang sa maaari.

【2】Hanggang sa maaari ay iwasan ang pagbiyahe sa labas ng Shizuoka Prefecture at sa mga lugar sa loob ng Shizuoka Prefecture.

【3】Kapag naman kinakailangan talaga magpunta at bumyahe sa labas ng Shizuoka Prefecture o di kaya sa mga lugar sa loob ng Shizuoka Prefecture,pagkatapos nito ay manatili lamang sa bahay hanggang sa maaari at suriin ang kondisyon ng kalusugan at i-record ang iyong mga kilos.

Mahalaga sa bawat isa na gumawa sa nararapat na hakbang upang mawala ang pag-aalala sa pagkahawa sa COVID-19 sa lalong mas madaling panahon. Hinihikayat namin ang kooperasyon ng karamihan.